فلبيني

# Ang mga Alituntunin at mga Magandang Asal Sa Islam

# أحكام وآداب إسلامية

IPC
لجنة التعريف بالإسلام
ISLAM PRESENTATION COMMITTEE
جمعية النجاة الخيرية

IPC
دار التعريف بالإسلام
Islam Presentation Committee
Bookshop

More Others




للمساهمة في مشروع طباعة الكتب:

IPC
لجنة التعريف بالإسلام
ISLAM PRESENTATION COMMITTEE
جمعية النجاة الخيرية


لجنة التعريف بالإسلام - شارع فهد السالم - مسجد الملا صالح - تلفون ٢٤٤٤١١٧ - فاكس: ٢٤٠٠٠٥٧
P.O.Box:1613 Safat 13017 - Tel.: 2444117 - Ext. 110 - Fax: 2400057
www.ipc-kw.com ipc@ipc-kw.com
فرع الروضة نساء: ٢٥١١٣٠٥ فرع الجهراء: ٤٥٥٨٨٣٠/٤٠ فرع الأحمدي: ٣٩٢١٥٢٧
Al- Rawda Branch (Women) : 2511305 Jahra Branch: 4558830/40 Ahmadi Branch: 3921527

فلبيني

# Ang mga Alituntunin at mga Magandang Asal Sa Islam

## أحكام وآداب إسلامية



IPC
لجنة التعريف بالإسلام
ISLAM PRESENTATION COMMITTEE
جمعية لجنة الخيرية

IPC
دار التعريف بالإسلام
Islam Presentation Committee
Bookshop

# أحكام وآداب إسلامية

ترجمة

مركز الدعوة والإرشاد بالزلفي

المملكة العربية السعودية

# مواضيع الكتاب


| الرقم | الموضوع | الصفحة |
| --- | --- | --- |
| ١. | الإخلاص والمراقبة | ٥ |
| ٢. | الشرك والتوحيد | ٧ |
| ٣. | خطر الرياء | ١٠ |
| ٤. | الدعاء | ١٢ |
| ٥. | العلم | ١٤ |
| ٦. | الأمر بالمعروف والنهي عن المنكر | ١٧ |
| ٧. | آداب الأمر بالمعروف والنهي عن المنكر | ١٩ |
| ٨. | بر الوالدين | ٢٠ |
| ٩. | حسن الخلق | ٢٢ |
| ١٠. | الرفق والأناة | ٢٤ |
| ١١. | الرحمة | ٢٦ |
| ١٢. | تحريم الظلم | ٢٧ |
| ١٣. | حرمة دم المسلم | ٢٨ |
| ١٤. | حق المسلم | ٢٩ |
| ١٥. | حق الجار | ٣١ |
| ١٦. | خطر اللسان | ٣٢ |
| ١٧. | تحريم الغيبة | ٣٤ |
| ١٨. | الصدق والكذب | ٣٦ |
| ١٩. | التوبة | ٣٩ |
| ٢٠. | السلام | ٤١ |
| ٢١. | آداب الأكل | ٤٤ |
| ٢٢. | آداب قضاء الحاجة | ٤٥ |
| ٢٣. | العطاس والتثاوب | ٤٧ |
| ٢٤. | اقتناء الكلب | ٤٨ |
| ٢٥. | ذكر الله | ٥٠ |
| ٢٦. | الصديق الصالح وصديق السوء | ٥٤ |
| ٢٧. | الصبر | ٥٦ |

## Ang mga Nilalaman


| Bilang | Paksa | Pahina |
|---|---|---|
| 1. | Ang Katapatan at Takot kay Allah | 5 |
| 2. | Ang Shirk at ang Tawheed | 7 |
| 3. | Ang Panganib ng Pagpapakitang-tao | 10 |
| 4. | Ang Panalangin | 12 |
| 5. | Ang Karunungan | 14 |
| 6. | Ang Pag-aatas sa Mabuti at Pagbabawal sa Masama | 17 |
| 7. | Ang Wastong Paraan ng Pag-aatas sa Mabuti at Pagbabawal sa Masama | 19 |
| 8. | Ang Pagiging Mabuti sa mga Magulang | 20 |
| 9. | Ang Kagandahang Asal | 22 |
| 10. | Ang Kahinahunan at Kabaitan | 24 |
| 11. | Ang Awa | 26 |
| 12. | Ang Pagbabawal sa Pang-aapi | 27 |
| 13. | Ang Kabanalan ng Buhay ng Muslim | 28 |
| 14. | Ang Karapatan ng Muslim | 29 |
| 15. | Ang Karapatan ng Kapit-bahay | 31 |
| 16. | Ang Pagiging Mapanganib ng Dila | 32 |
| 17. | Ang Pagbabawal sa Panlilibak | 34 |
| 18. | Ang Katapatan sa Pananalita at ang Kasinungalingan | 36 |
| 19. | Ang Pagbabalik-loob kay Allah | 39 |
| 20. | Ang Pagbati | 41 |
| 21. | Ang Kagandahang Asal sa Harap ng Pagkain | 44 |
| 22. | Ang Paggamit ng Palikuran | 45 |
| 23. | Ang Pagbahin at ang Paghikab | 47 |
| 24. | Ang Pag-aalaga ng Aso | 48 |
| 25. | Ang Pag-aalaala kay Allah | 50 |
| 26. | Ang Kaibigan | 54 |
| 27. | Ang Pagtitiis | 56 |


## Ang Panimula

Ang papuri ay kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang. Ang pagpapala at pagbati ni Allah ay sumakay Muhammad at gayon din sa lahat ng kanyang mag-anak at mga kasamahan.

Inihahandog namin sa iyo, kapatid na Muslim, ang aklat na ito na tumatalakay sa ilang mahahalagang bagay tungkol sa pananampalatyang Islam na kailangang malaman ng bawat Muslim at isagawa sa abot ng kakayahan upang masunod ang mga alituntunin ng Islam.

Ginawa naming maikli ang aklat na ito upang maging madaling basahin at unawain. Dapat na iyong mabatid na ang aklat ito ay magbibigay sa iyo ng maliit na bahagi lamang ng bawat paksa at hindi nito tatalakayan ang lahat ng mga patakaran at alituntunin na may kaugnayan sa paksang iyon. Bumatay at sumipi kami sa Banal na Qur'an at Sunnah ng Propeta (SAS) na siyang dalawang pangunahing pinagkukunan ng mga katuruan ng Islam

Hinihiling namin kay Allah na nawa'y makinabang ang babasa sa aklat na ito. Hinihiling din namin sa Kanya, luwalhatiin Siya, na nawa'y tulungan Niya kami na makapaglathala ng iba pang mga aklat na maglalaman ng higit na maraming detalye.

Pagpalain ni Allah ang aming Propetang si Muhammad.

## 1. Ang Katapatan at Takot kay Allah

Ang sabi ni Allah:

***At walang ipinag-utos sa kanila kundi sambahin nila nang tapat si Allah at Siya lamang ang sundin.*** (98:5)

***Sabihin mo, 'Si Allah ang sinasamba ko nang tapat at Siya lamang ang aking sinusunod.'*** (39:14)

***Sabihin mo, 'Kung itago man ninyo ang nilalaman ng inyong mga puso o ihayag ito, nalalaman pa rin ito ni Allah.'*** (3:29)

***Tunay na kay Allah ay walang maitatagong anumang bagay, sa langit man o sa lupa.*** (3:5)

Ang sabi ni Umar ibn Al-Khattab (RA)*: **Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsabing, 'Ang halaga ng mga gawa ay nakabatay sa mga layunin at ang**

* Ang paglikas (Hijrah sa wikang Arabe) sa Islam ay ang paglipat mula sa lupain ng mga di-Muslim papunta sa lupain ng mga Muslim. Ang paglikas ay isang uri ng pagsamba. Nasabi ng Sugo (SAS) ang Hadith na ito nang siya ay lumikas mula sa Makkah patungong Madinah kasama ng maraming mga Muslim. Subalit mayroong mga Muslim na sumama sa paglikas na ang nilalayon ay ang mga makamundong bagay. Nilinaw ng Sugo (SAS) na ang gagantimpalaan ni Allah ay ang lumikas upang matakasan ang mga taong pumipigil sa pagtupad niya ng kanyang relihiyon. Ang Hadith na ito ay sumasaklaw rin sa lahat ng mga gawa. Kaya kung ang gawa ay alang-alang kay Allah, bibigyan ni Allah ng gantimpala ang isang mananampalataya para sa kanyang nagawa. Kapag hindi dalisay ang layunin, si Allah naman ay walang pangangailangan sa katamabal na itinatambal sa Kanya.

**bawat tao ay gagantimpalaan ayon sa kanyang nilayon. Kaya ang sinuman na lumikas alang-alang kay Allah at sa Sugo Nito, ang kanyang paglikas ay para kay Allah at sa Sugo Nito. At ang sinuman na lumikas alang-alang sa makamundong bagay upang ito ay makamit o alang-alang sa isang babae upang ito ay mapangasawa, ang halaga ng kanyang paglikas ay ayon sa kanyang nilayon.'**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Sugo (SAS) na: **Hindi tinitingnan ni Allah ang inyong mga katawan**
**ni ang inyong mga anyo subalit ang tinitingnan Niya ay ang inyong mga puso at ang inyong mga gawa.**

Ayon kay Abu Dharr (RA), sinabi ng Sugo (SAS) na:

**Ang taong lalong karapat-dapat sa aking pamamagitan sa araw ng paghuhukom ay ang nagsabi ng "La Ilaha Illallah" (Walang tunay na Diyos kundi si Allah) nang tapat buhat sa kanyang puso.**

Ayon muli kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Matakot ka kay Allah saan ka man naroon. Pasundan mo ang masamang gawa ng mabuting gawa na bubura rito. Pakitunguhan mo ang mga tao ng mabuting asal.**



## Ang mga Aral

1. Ang katapatan ay ang kondisyon upang matanggap ang mabuting gawa at ang dahilan kung bakit pinararami pang lalo ni Allah ang gantimpala ay nakasalalay rin dito.

2. Si Allah ay hindi nangangailangan ng katambal sa pagsamaba at hindi Niya tatanggapin ang anuman kung hindi rin lamang tapat na ginawa para sa Kanya. Ito ay batay sa sinabi ni Allah sa Hadith Qudsi: **"Ang sinumang gumawa ng isang gawain alang-alang sa akin at sa itinanambal niya sa Akin, iiwan ko siya kasama ng kanyang ginawa."**

3. Kailangang magkaroon ng takot at maging matapat kay Allah sa lahat ng sandali yaman din lamang na walang anumang bagay na nalilingid sa kanya maging sa lupa man o sa langit.

## 2. Ang Shirk at ang Tawheed

Ang sabi ni Allah:

***Tunay na ang shirk (pagtatambal kay allah) ay totoong isang malaking kawalan ng katarungang.*** (31:13)

***At naipahayag sa iyo (Muhammad), at gayon din sa mga nauna sa iyo, na kung ikaw ay magtatambal kay Allah ay totoong mawawalan ng saysay ang***

*iyong gawa at ikaw ay mapabibilang sa mga talunan.* (39:65)

*Nilalang Ko lamang ang jinn at tao upang Ako'y kanilang sambahin.* (51:56)

*At nagpadala kami sa bawat bansa ng sugo na (ang ipinangangaral ay): "Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang mga diyos-diyusan."* (16:36)

Ayon kay Jabir (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Ang sinumang makatagpo si Allah nang hindi niya Ito tinatambalan ng anuman ay papasok sa paraiso. At ang sinumang makatagpo si Allah nang tinatambalan niya Ito ng anuman ay papasok sa impiyerno.**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Sugo (SAS) na: **Pangilagan ninyo ang pitong mortal na kasalanan. Ang sabi nila, 'O Sugo ni Allah, Ano-ano po ang mga iyon?' Ang sabi niya, 'Ang pagtatambal kay Allah, . . .'**

Ayon kay Mu'adh bin Jabal (RA): **Habang ako noon ay nakaangkas sa likuran ng Propeta (SAS) nang siya ay nakasakay sa isang asno, sinabi niya (sa akin), 'O Mu'adh, Nalalaman mo ba ang karapatan ni Allah sa mga tao at ang karapatan ng mga tao kay Allah?' Ang sabi ko, 'Si Allah po at (kayo na) Kanyang sugo ang lalong nakaaalam.' Ang sabi niya (SAS), 'Karapatan ni Allah sa mga**



**tao na Siya ay sambahin nila at hindi tambalan ng anuman at karapatan naman ng mga tao kay Allah na hindi Niya parurusahan ang sinumang hindi nagtatambal ng anuman sa Kanya . . .'**

## Ang mga Aral

1. Ang shirk ay mapanganib at hindi ito mapapatawad kung hindi pagsisihan. Ito ay hindi katulad ng ibang mga kasalanan na maaaring mapatawad kung nanaisin ni Allah.

2. Ang sinumang mamatay na ang kasalanan ay shirk, mawawalan ng saysay at halaga ang kanyang gawa. Ang shirk ang siyang dahilan kung bakit mananatili ang isang tao sa impiyerno magpakailan man.

3. Ang tawheed (Pagsamba kay Allah lamang) ang siyang dahilan kung bakit nilalang ang jinn at tao at ito rin ang pinakapangunahing dahilan ng pagpasok sa paraiso at ang dahilan ng kaligtasan sa impiyerno.

## 3. Ang Panganib ng Pagpapakitang-tao Sapagkat Ito'y Isang Uri ng Shirk

Ang sabi ni Allah:

***Kaya kapighatian sa mga (ipokritong) nagdadasal, na inaantala ang kanilang dasal, na gumagawa ng mabuti upang makita (ng mga tao), ngunit tumatanggi namang magbigay ng katiting na tulong.*** (107:4-7)

Ayon kay Abu Sa'eed bin Fudalah (RA): **Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsabing: "Kapag tinipon na ni Allah ang buong sangkatauhan sa araw ng paghuhukom, ang araw na walang alinlangang darating, may isang mananawagan na magsasabing, ' Ang sinumang gumawa alang-alang kay Allah at sa anumang itinambal niya kay Allah, hingin niya ang kanyang gantimpala sa itinambal niya kay Allah. Si Allah ay hindi nangangailangan ng mga katambal.'"**

Ayon kay Abu Sa'eed Al-Khudree (RA): **Pumunta sa amin ang Sugo ni Allah (SAS) habang pinag-uusapan namin ang tungkol sa bulaang Kristo (Al-Maseeh Ad-Dajjal) at ang sabi niya (SAS), 'Hindi ba't nais ninyong ipagbigay-alam ko sa inyo ang sa tingin ko'y lalong nakatatakot para sa inyo kaysa bulaang Kristo?' Kaya ang sabi**



**namin, 'Opo, Sugo ni Allah.' Ang sabi niya, 'Ang tagong shirk. (Ang halimbawa nito ay) kapag nagsagawa ang isang tao ng Salah ay pinagaganda niya ang pagsasagawa kapag nakita niyang may nakatingin sa kanya.'**

## Ang mga aral

1. Ang lahat ay binibigyang-babala laban sa pagpapakitang-tao at ang mga nagpapakitang-tao ay binibigyan ng mariing banta.
2. Ang tao ay maaaring makagawa ng pagpapakitang tao nang hindi niya namamalayan, kaya dapat maging maingat.
3. Ang gawa ng nagpapakitang-tao ay tatanggihan at hindi katanggap-tanggap.
4. Ang pangamba ng Propeta (SAS) na ang kanyang mga kasamahan (Sahabah) ay magkasala ng pagkakasalang pagpapakitang-tao, sa kabila ng lahat na sila ang pinakamainam na nilikha matapos ang mga propeta, ay nagpapahiwatig kung gaano kapanganib ang pagpapakitang-tao.

## 4. Ang Panalangin

Ang sabi ni Allah:

*At ang sabi ng inyong Panginoon, 'Manalangin kayo sa Akin, diringgin Ko kayo.'* (40:60)

*At kapag tatanungin ka ng Aking mga lingkod hinggil sa Akin (ay sabihin mo sa kanila), 'Ako'y malapit. Dinidinig ko ang panalangin ng nananalangin kapag siya ay nanalangin sa Akin.'* (2:186)

***Manalangin kayo sa inyong Panginoon nang taimtim at palihim. Hindi Niya minamahal ang mapagmalabis (sa panalangin).*** (7:55)

Ayon kay Nu'man bin Basheer (RA), sinabi ng Sugo (SAA) na: **Ang panalangin ay ang pagsamba.**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Sugo (SAS) na: **Ang tao ay nagiging napakalapit sa kanyang Panginoon habang ito ay nakapatirapa. Kaya damihan ninyo ang panalangin habang nakapatirapa.**

Ayon kay A'ishah (RA): **Ang gustong panalangin ng Sugo ni Allah (SAS) ay ang maikli at makahulugan at ang maliban pa rito ay hindi niya ginagawa.**



Ayon kay Ubadah bin As-Samit (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Walang lingkod na Muslim na nananalangin ng isang panalangin na hindi ibinibigay ni Allah sa kanya ang kanyang hinihingi, o inilalaan ni Allah para sa kanya para sa kabilang buhay ang mas mainam pa sa kanyang ipinanalangin, o ilalayo Nito sa kanya ang isang masamang bagay na katumbas ng ipinanalangin niya, hangga't hindi siya nananalangin ng masama o ng ikasisira ng ugnayang pampamilya.**

Ayon pa rin sa kanya, sinabi ng Sugo ni Allah (SAS): **Ang panalangin ng isang Muslim para sa kanyang kapatid (sa pananampalataya), habang ito ay wala, ay dinidinig. Sa tabi ng kanyang ulo ay may isang anghel na nakatalaga (upang magsabi ng Amen). Sa tuwing mananalangin siya ng mabuti para sa kanyang kapatid, ang sinasabi ng nakatalagang anghel ay: 'Amen. At sumaiyo ang katulad ng ipinanalangin mo.'**

### Ang mga Aral

1. Ang panalangin ay pagsambang hindi puwedeng ibaling sa iba maliban kay Allah. Ang sinumang magbaling ng panalangin sa iba maliban kay Allah ay nagtambal kay Allah. Dapat na malamang ang panalangin ay may dakilang kalagayan dahil itinuring ito

ng Sugo (SAS) na pagsamba o pinakadakilang uri ng pagsamba.

2. Mas mainam na hinaan ang tinig sa panalangin. Mainam ding manalangin sa pamamagitan ng mga malamang pangungusap -- ang panalanging gumagamit ng kaunting salita ngunit puno ng kahulugan.

3. Ang tao ay pinaaalalahanang huwag manalangin laban sa kanyang sarili o pag-aari o anak.

4. Mainam ang manalangin para sa mga kapatid na Muslim habang sila ay wala.

5. Kapag nananalangin ang isang tao, hindi nangangahulugang matutupad kaagad ang kanyang hinihiling. Maaaring ilayo sa kanya ang isang masamang bagay na katulad ng ipinanalangin niyang ilayo sa kanya o ang katuparan ng kanyang panalangin ay ilalaan sa kanya para sa kabilang buhay at saka ibibigay sa araw na iyon na lalo niyang kailangan.

6. Ang pagkain o paggamit ng mga bagay na nabili ng perang galing sa ipinagbabawal (gaya ng sugal, nakaw, at iba pa) ay ilan sa mga nagsisilbing sagabal upang matugon ang panalangin.



## 5. Ang Karunungan

Ang sabi ni Allah:

***Sabihin mo, 'Magkapantay ba ang mga nakaaalam at ang mga hindi nakaaalam?'*** (39:3)

***Itinaas ni Allah ang mga antas ng mga sumasampalataya sa inyo at ang mga pinagkalooban ng karunungan.*** (58:11)

***At sabihin mo, 'Panginoon ko, dagdagan mo po ang aking karunungan.'*** (20:114)

***Ang natatakot lamang kay Allah, sa Kanyang mga lingkod, ay ang may mga karunungan.*** (35:27)

Ayon kay Mu'awiyah (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Kapag ginusto ni Allah ang kabutihan sa isang tao, bibigyan niya ito ng karunungan sa Relihiyon.**

Ayon kay Anas (RA), sinabi ng Propeta (SAS) na: **Ang sinumang magturo ng isang karunungan, kakamtin niya ang katulad ng gantimpala ng taong gumawa ayon sa kanyang itinuro ngunit walang mababawas sa gantimpala ng taong iyon.**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Kapag namatay ang anak ni Adam (tao), humihinto ang kanyang gawa maliban sa tatlo, kawanggawa na tuloy-tuloy (na kanyang**

**naiwan), o karunungang napakikinabangan (na kanyang naiwan), o mabuting anak na nananalangin para sa kanya.**

Ayon kay Sahl bin Sa'd (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Isinusumpa ko kay Allah, ang mapatnubayan ni Allah ang isang tao sa pamamagitan mo ay mas mainam pa sa pinakamahal na ari-ariang (maaaring ariin ng isang tao.)**

Ayon kay Abdullah bin Amr bin Al-Ass (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Iparating ninyo ang tungkol sa akin, kahit isang talata lamang ng Qur'an.**

## Ang mga Aral

1. Inilahad sa mga talata ng Qur'an at mga Hadeeth na nabanggit ang kahalagahan ng karunungan at ng may mga karunungan. Na kapag ginusto ni Allah ang kabutihan sa isang tao, bibigyan niya ito ng karunungan sa Relihiyon. Na ang paghahanap ng karunungan ay isa sa mga dahilan ng pagpasok sa paraiso.
2. Malaki ang gantimpala sa pagtuturo sa mga tao, pagpatnubay sa kanila sa kabutihan, at pagpaparating sa kanila ng karunungan kahit kaunti lamang.
3. Na ang paghahanap ng karunungan ay mas mainam pa sa mga pagsamabang di-obligatory.



4. Maging masigasig na palakihin ang mga bata ayon sa Islam.

## 6. Ang Pag-aatas sa Mabuti at ang Pagbabawal sa Masama

Ang sabi ni Allah:

***Kayo (mga mananampalataya) ang pinakamainam na bansang pinalitaw sa sangkatauhan. Iniaatas ninyo ang mabuti at ipinagbabawal ninyo ang masama at sumasampalataya kayo kay Allah.*** (3:110)

***Dapat magkaroon mula sa inyo ng pangkat ng mga taong mag-aanyaya sa kagalingan at mag-aatas sa mabuti at magbabawal sa masama. At ang mga iyon ang mga magtatagumpay.*** (3:104)

Ayon Kay Abu Sa'eed Al-Khudree (RA), narinig niya ang Sugo ni Allah na nagsabing: **Ang sinuman sa inyong makakita ng masama, baguhin niya iyon sa pamamagitan ng kanyang kamay. Ngunit kung hindi niya kaya, (baguhin niya) sa pamamagitan ng kanyang dila. (Ang ibig sabihin ay pagsabihan niya ang gumagawa ng masama.) Ngunit kung hindi pa rin niya kaya, isapuso na lamang niya na iyon ay masama, subalit iyan ang pinakamahinang pananampalataya.**

Ayon Kay Hudhayfah (RA), sinabi ng Propeta (SAS) na: **Nanunumpa ako kay Allah na nasa Kanyang mga kamay ang aking kaluluwa, dapat ninyong iatas ang mabuti at ipagbawal ang masama at kung hindi, di-maglalaon ay padadalhan kayo ni Allah ng parusang buhat sa Kanya at kung kayo man ay mananalangin, hindi kayo diringgin.**

Ayon kay Abu Bakr As-Siddeq (RA), narinig niya ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsabing: **Tunay na kapag nakakita ang mga tao ng isang taong gumagawa ng masama at hindi nila iyon pinigilan, silang lahat ay halos sama-samang parurusahan ni Allah.**

## Ang mga Aral

1. Ang pag-aatas sa mabuti at ang pagbabawal sa masama ay isang dahilan ng tagumpay.

2. Tungkulin ng sinumang makakita ng masama na iyon ay kanyang baguhin ayon sa kanyang kakayahan.

3. Ang pagtakwil sa masama sa pamamagitan ng kamay (lakas) ay tungkulin ng sinumang nagtataglay ng kapagyarihan tulad ng ama sa kanyang tahanan o ng isang pinuno o ng sinumang pumapangalawa sa kanila.

4. Sa pagtatakwil sa masama sa pamamagitan ng puso, kailangang kasuklaman at layuan ang masama.

5. Ang pagtalikod sa pag-aatas sa mabuti at pagbabawala sa masama ay isang dahilan kung bakit nahahadlangang matugon ang panalangin at ito ay isa ring dahilan kung bakit nagpapadala si Allah ng parusa.



## 7. Ang Wastong Paraan ng Pag-aatas sa Mabuti at Pagbabawal sa Masama

Ang sabi ni Allah:

***Mag-anyaya ka sa landas ng iyong Panginoon (Islam) sa pamamagitan ng dunong at magandang pangangaral at makipagtalo ka sa kanila sa paraang pinakamaganda.*** (16:125)

***At dahil sa habag buhat kay Allah, naging banayad ang iyong pakikitungo sa kanila. At kung nagkataong ikaw ay mabagsik at matigas ang puso, magsisilayuan sila sa iyong paligid.*** (3:159)

Ayon kay A'ishah (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Tunay na si Allah ay mabait at ibig Niya ang kabaitan sa lahat ng bagay.**

Ayon pa rin kay A'ishah (RA), sinabi ng Propeta (SAS) na: **Ang anumang bagay ay gumaganda kapag sinamahan ng kabaitan at ito ay pumapangit kapag inalisan ng kabaitan.**

Ayon kay Jareer bin Abdullah (RA), sinabi ng Sugo (SAS) na: **Ang sinumang napagkaitan ng kabaitan ay napagkaitan ng lahat ng kabutihan.**

## Ang mga Aral

1. Ang isang Muslim ay hinihimok na maging mabait at gamitin ang dunong sa pag-aanyaya sa Islam at sa pag-aatas sa mabuti at pagbabawal sa masama.

2. Ang paggamit ng kabagsikan sa mga tao ay maaaring maging dahilan ng hindi nila pagtanggap sa katotohanan.

## 8. Ang Pagiging Mabuti sa mga Magulang

Ang sabi ni Allah:

***At itinagubilin namin sa tao na maging mabuti sa kanyang mga magulang . . .*** (29:8)

***At iniatas ng iyong Panginoon na wala kayong sasambahin kundi Siya lamang at (inatasan Niya rin kayo) na maging mabait sa mga magulang. Kung ang isa sa kanila o kapwa sila ay dinatnan ng katandaan sa iyong piling, huwag mo silang pagsalitaan ng lapastangang salita at huwag mo silang bulyawan sa halip ay kausapin mo sila sa pamamagitan ng mapitagang pangungusap.*** (17:23)

***At itinagubilin namin sa tao na (maging masunurin at mabuti) sa mga magulang. Ang kanyang ina ang nagdala sa kanya (sa sinapupunan nito) na nanghina ng nanghina (noong siya'y***



***ipinagbubuntis) at ang pag-awat sa pagpapasuso sa kanya ay tumagal ng dalawang taon. (Kaya) magpasalamat ka sa Akin (Allah) at sa iyong mga magulang . . .*** (31:14)

Ayon kay Abdullah bin Mas'ood (RA): **Tinanong ko ang Propeta (SAS): "Ano pong gawain ang pinakamainam?" Ang sabi niya: "Ang pagsagawa ng salah sa takdang oras nito." Ang sabi ko: "Ano pa po?" Ang sabi niya: "Ang pag-gawa ng mabuti sa mga magulang." Ang sabi ko muli: "Ano pa po?" Ang sabi muli niya: "Ang pakikipaglaban (Jihad) alang-alang kay Allah."**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA): **May isang lalaking dumating sa Sugo ni Allah na ang sabi ay: "O Sugo ni Allah, sino po sa mga tao ang lalong karapat-dapat sa aking magandang pakikisama? Ang sabi niya (SAS): "Ang iyong ina." Ang sabi ng lalaki: "Sino pa po?" Ang sabi niya (SAS): "Ang iyong ina." Ang sabi muli ng lalaki: "Sino pa po?" Ang sabi niya (SAS): "Ang iyong ina." Ang sabi muli ng lalaki: "Sino pa po?" Ang sabi niya (SAS): "Ang iyong ama."**

## Ang mga Aral

1. Malaki ang pag-galang ng Islam sa mga magulang at ipinag-uutos nito sa isang Muslim na sundin ang kanyang mga magulang at hinihimok din siya nito na maging mabuti sa kanila.

2. Ang pinaka-ibig ni Allah sa lahat ng mga gawain matapos ang salah na isinagawa sa takdang oras nito ay ang paggawa ng mabuti sa mga magulang.

3. Ang isang Muslim ay binibigyan ng mariing babala na huwag maging suwail sa mga magulang, huwag maging magaspang sa pakikipag-usap sa kanila, at huwag silang pagmaktulan.

4. Tinalakay rin dito na sa pagiging mabuti at masunurin sa mga magulang ang ina ay una kaysa ama.

## 9. Ang Kagandahang Asal

Ang sabi ni Allah:

***At tunay na ikaw (Muhammad) ay nasa mataas na antas ng kaasalan.*** (68:4)

***At dahil sa habag buhat kay Allah, naging banayad ang iyong pakikitungo sa kanila. At kung nagkataong ikaw ay mabagsik at matigas ang puso, magsisilayuan sila sa iyong paligid.*** (3:159)



Ayon kay Abu Darda' (RA), sinabi ng Propeta (SAS) na: **Wala nang mas mabigat pang bagay sa timbangan ng mananampalatayang lingkod ni Allah sa araw ng paghuhukom kaysa kagandahang asal. Kinasusuklaman ni Allah ang nagsasalita ng mahalay at masama.**

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA): **Tinanong ang Sugo (SAS) kung ano ang pinakamaraming sanhi ng pagpasok ng mga tao sa paraiso. Kaya ang sabi niya (SAS), 'Ang takot kay Allah at kagandahang asal,'**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Ang may pinakaganap ang pananampalataya sa mga mananampalataya ay ang may pinakamagandang asal sa kanila. At ang pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamabuti sa kanilang mga may-bahay.**

Ayon kay A'ishah (RA), narinig niya ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsabing: **Maaabot ng mananampalataya sa pamamagitan ng kanyang mabuting asal ang antas ng taong parating nagdarasal (ng mga dasal na di-obligatory) at parating nag-aayuno (ng mga pag-aayunong di-obligatory).**

## Ang mga Aral

1. Inilahad dito ang kagandahang asal ng Sugo (SAS).

2. Ang kagandahang asal ay mahalaga. At ito rin ang isa sa dahilan ng pagpasok ng tao sa paraiso at kung bakit itinataas ang kanyang antas. Ang lahat ng mga gawa ay titimbangin sa araw ng paghuhukom at ang pinakamabigat sa timbangan ng isang Muslim ay ang kanyang takot kay Allah at ang kanyang kagandahang asal.

3. Hinihimok ng Islam ang Muslim na maging mabuti sa salita at sa gawa at nagbibigay-babala ito laban sa masagwang salita at gawa.

4. Mahalaga ang mabuting pagsasama ng mag-asawa.

5. Ang pananampalataya (Iman) ay nadadagdagan sa pagsunod kay Allah at nababawasan sa pagsuway sa Kanya.

## 10. Ang Kahinahunan at Kabaitan

Ang sabi ni Allah:

***At dahil sa habag buhat kay Allah, naging banayad ang iyong pakikitungo sa kanila. At kung nagkataong ikaw ay mabagsik at matigas ang puso, magsisilayuan sila sa iyong paligid.*** (3:159)



Ayon kay A'ishah (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Tunay na si Allah ay mabait at ibig Niya ang kabaitan sa lahat ng bagay.**

Ayon kay Ibnu Abbas (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi kay Abdulqays Ashajj (RA) na: **Ikaw ay nagtataglay ng dalawang katangiang gusto ni Allah: ang pagtitimpi at ang kahinahunan.**

Ayon kay A'ishah (RA), sinabi ng Propeta (SAS) na:

**Ang anumang bagay ay gumaganda kapag sinamahan ng kabaitan at ito ay pumapangit kapag inalisan ng kabaitan.**

Ayon kay Jareer bin Abdullah (RA), sinabi ng Sugo (SAS) na: **Ang sinumang napagkaitan ng kabaitan ay napagkaitan ng lahat ng kabutihan.**

## Ang mga Aral

1. Ibig ni Allah ang kabaitan at ito ang dahilan ng paglapit ng mabuting bagay.

2. Ang kabaitan at kaluwagan sa pakikitungo sa kapwa ay ilan sa mga katangian ng mga taong karapatdapat sa paraiso.

3. Mahalaga ang kahinahunan at dapat iwasan ang galit.

## 11. Ang Awa

Ang sabi ni Allah hinggil sa kanyang Propetang si Muhammad (SAS):

***Sa mga mananampalataya (si Muhammad) ay napakamahahabagin at maawain.*** (9:128)

Ang sabi naman ni Allah hinggil sa mga mananampalataya:

***(Ang mga mananampalataya) ay mga maaawain sa isa't isa.*** (48:29)

Ayon kay Jareer bin Abdullah (RA): **Ang sabi ng Sugo ni Allah (SAS): "Hindi kahahabagan ni Allah ang hindi (marunong) mahahabag sa mga tao."**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA): **Narinig ko si Abul Qasim (isa sa mga taguri kay Propeta Muhammad (SAS)) na nagsabing: "Walang pinagkakaitan ng awa kundi ang sawing-palad."**

### Ang mga Aral

1. Ang pagiging maawain ay isa sa mga katangian ng mga mananampalataya.
2. Ang taong marunong maawa ay kaaawaan din ni Allah.
3. Ang pagkawala ng awa sa puso ay tanda ng pagiging sawing-palad ng isang tao.



## 12. Ang Pagbabawal sa Pang-aapi

Ang sabi ni Allah:

***Ang mga mang-aapi ay mawawalan ng kaibigan at tagapamagitang masusunod.*** (40:38)

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Propeta (SAS) na si Allah ay nagsabing: **O Aking mga lingkod, ipinagbawal Ko sa Aking sarili ang pang-aapi at ginawa Ko rin itong bawal sa inyo, kaya huwag kayong mag-apihan . . .**

Ayon kay Jabir (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Pangilagan ninyo ang pang-aapi sapagkat ang pang-aapi ay magiging mga kadiliman sa araw ng paghuhukom . . .**

Ayon kay Mu'adh bin Jabal (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Pangilagan ninyo ang panalangin ng naapi sapagkat walang hadlang sa pagitan ng kanyang panalangin at ni Allah.**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Propeta (SAS): **Ang sinumang nakagawa ng pang-aapi (o inhustisya) sa kanyang kapwa, sa karangalan nito o maging ano pa man iyon, nararapat siyang humingi ng kapatawaran dito bago dumating ang araw (ng pagkabuhay na muli) na wala nang halaga ang salapi (upang ipambayad sa nagawang masama). Kung siya ay may mabuting gawa, iyon ay kukunin**

**sa kanya ayon sa nagawa niyang pang-aapi. Ngunit kung wala siyang mabuting gawa, ang bahagi ng masamang gawa ng kanyang inapi ay ipapapasan sa kanya.**

## Ang mga Aral

1. Ang pang-aapi ay ipinagbabawal at binibigyang babala ang sinuman laban sa pang-aapi.

2. Matindi ang nakalaang parusa dito sa mundo at lalong-lalo na sa kabilang-buhay.

3. Ang panalangin ng isang naapi laban sa nang-api sa kanya ay dinidinig.

## 13. Ang Kabanalan ng Buhay ng Muslim

Ang sabi ni Allah:

***Ang sinumang pumatay nang sadya ng isang mananampalataya, ang kanyang magiging gantimpala ay impiyerno na paninirahan niya magpakailan man. Magagalit sa kanya si Allah, isusumpa siya Nito, at siya ay paghahandaan Nito ng isang malaking parusa.*** (4:93)

Ayon kay Abdullah bin Mas'ood (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Ang unang kasalanan na hahatulan sa mga tao sa araw ng paghuhukom ay ang tungkol sa mga pagpatay.**



Ayon kay Abdullah bin Amr (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na:

**Tunay na ang paglaho ng daigdig ay higit na magaan kay Allah kaysa pagpaslang sa isang Muslim.**

## Ang mga Aral

1. Mariin ang babalang ibinigay laban sa pagpatay sa isang Muslim. Inilahad din dito kung gaano kabanal ang buhay ng isang Muslim para kay Allah.

2. Ang unang hahatulan sa mga tao sa araw ng paghuhukom ay ang mga pagpatay dahil sa ang mga ito ay lubhang napakalaking kasalanan.

3. Ang parusa dito sa lupa para sa isang mamamatay-tao ay kamatayan at sa kabilang-buhay ay ang pananatili magpakailan man sa impiyerno.

## 14. Ang Karapatan ng Muslim

Ang sabi ni Allah:

***Ang mga mananampalataya ay magkakapatid.*** (49:10)

Ayon kay Abu Moosa (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Ang mananampalataya sa kapwa mananampalataya ay katulad ng isang gusali -- pinatatatag nila ang isa't isa.**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Ang Muslim ay kapatid ng kapwa Muslim. Hindi niya ito pinagtataksilan, hindi niya pinagsisinungalingan, at hindi iniiwan sa sandali ng pangangailangan nito. Ang lahat ng nasa Muslim -- ang kanyang karangalan, kanyang pag-aari, at kanyang buhay ay hindi maaaring lapastanganin ng kapwa Muslim. Ang takot ay narito (sa puso). Masama na para sa isang Muslin na hamakin niya ang kanyang kapatid (sa pananampalataya).**

Ayon kay Anas (RA), sinabi ng Propeta (SAS) na: **Hindi tunay na naniniwala ang sinuman sa inyo hangga't hindi niya ginugusto para sa kanyang kapatid (sa pananampalataya) ang gusto niya para sa kanyang sarili.**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **. . . Si Allah ay tumutulong sa kanyang lingkod hangga't ang lingkod na iyon ay tumutulong din sa kanyang kapatid (sa pananampalataya).**

### Ang mga Aral

1. Ang mananampalataya ay kapatid ng kapwa niya mananampalataya maging ito man ay bata o matanda, namumuno o nasasakupan.



2. Hinihimok ang mga Muslim na magtulungan at saklolohan, hindi upang gumawa ng kasalanan, ang lahat ng nangangailangan ng tulong.

3. Mainam ang tumulong sa nangangailangan at malaki ang gantimpalang inilaan dito ni Allah.

## 15. Ang Karapatan ng Kapit-bahay

Ang sabi ni Allah:

***At sambahin ninyo si Allah at huwag kayong magtambal sa Kanya ng anuman. Maging mabuti (kayo) sa mga magulang, mga kamag-anakan, mga ulila, mga dahop, mga kapit-bahay na kamag-anak, mga kapit-bahay na di-kaanu-ano, mga kasamahan (sa paglalakbay o gawain), manlalakbay (na inyong nakatagpo) . . .*** (4:36)

Ayon kay Abu Hurayrah (RA): **Ang Propeta (SAS) ay nagsabing: "Isinusumpa ko kay Allah, siya ay hindi nananampalataya, isinusumpa ko kay Allah, siya ay hindi nananampalataya, isinusumpa ko kay Allah, siya ay hindi nananampalataya! Kaya may nagtanong sa kanya: "Sino po?" Ang sabi niya (SAS): "Ang taong hindi ligtas ang kanyang kapit-bahay sa kanyang mga pamiminsala."**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Propeta (SAS) na: **Ang sinumang naniniwala kay Allah at**

**sa kabilang buhay ay huwag niyang pinsalain ang kanyang kapit-bahay. Ang sinumang naniniwala kay Allah at sa kabilang-buhay ay dapat maging magiliw sa kanyang panauhin. At ang sinumang naniniwala kay Allah at sa kabilang-buhay ay dapat magsalita ng mabuti o manahimik na lamang."**

## Ang mga Aral

1. Hinihimok at binibigyang-diin sa Islam ang paggawa ng mabuti sa mga kapit-bahay at ang hindi paggawa ng kapinsalaan sa kanila.

2. Ang isang tanda ng kaganapan ng pananampalataya ng isang Muslim ay ang paggawa niya ng mabuti sa kanyang kapit-bahay at pag-iwas niyang ito ay magawan ng kapinsalaan kahit ito ay isang di-Muslim.

## 16. Ang Pagiging Mapanganib ng Dila

Ang sabi ni Allah:

***Ang anumang katagang kanyang bibigkasin ay may nakabantay (na anghel) na handang (magtala).*** (50:18)

***At huwag mong sundan ang bagay na wala kang kaalaman. Tunay na ang pandinig, ang paningin, at ang puso -- ang lahat ng ito ay itatanong sa iyo (ni Allah.)*** (17:36)



Ang sabi ni Moosa Al-Ash'ari (RA): **Tinanong ko ang Sugo (SAS), 'O Sugo ni Allah, sino sa mga Muslim ang pinakamainam?' Ang sabi niya (SAS), 'Ang Muslim na ligtas sa kanyang dila at kanyang kamay ang kapwa niya mga Muslim.'**

Ayon kay Sahl bin Sa'd (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Ang sinumang mangako sa akin na hindi niya gagamitin sa masama ang nasa pagitan ng kanyang bigote at balbas (dila) at ang nasa pagitan ng kanyang dalawang hita (ari), ipangangako ko rin sa kanya ang paraiso.**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), narinig niyang sinabi ng Propeta (SAS) na: **Ang isang tao ay maaaring makapagsalita ng salitang hindi niya muna pinag-isipan kung ito ay tama o mali kaya dahil doon ay maaari siyang madapa sa impiyerno na ang lalim ay mas malayo pa sa pagitan ng silangan at kanluran.**

## Ang mga Aral

1. Inilahad dito kung gaano kapanganib ang dila kaya kailangang pag-ingatan ito. Ang tao ay maaaring madapa sa impiyerno dahil sa isang salitang walang

ingat niyang sinabi. Ang walang pakundangang pagsasalita ang isa sa mga dahilan ng pagpasok ng tao sa impiyerno at ang pag-iingat sa pagsasalita ang isa rin sa mga dahilan ng pagpasok sa paraiso. Ang pagkakamali ng maraming mga tao ay sanhi ng walang ingat nilang pagbibitaw ng mga salitang walang kabuluhan.

2. Ang tao ay pananagutin sa kanyang mga sinabi at mga ginawa. At ang pinakamapanganib na bahagi ng katawan ng tao ay ang dila at ang ari (sex).

## 17. Ang Pagbabawal sa Panlilibak

Ang sabi ni Allah:

***At huwag kayong maglibakan. Mayroon bang isa sa inyo na magnanais na kainin ang laman ng patay niyang kapatid? Talaga namang kasusuklaman ninyo ito.*** (49:12)

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **'Alam ba ninyo kung ano ang panlilibak?' Ang sabi nila, 'Si Allah at ang kanyang Sugo ang higit na nakaaalam.' Ang sabi niya (SAS), 'Ito ay ang pagsásalita ninyo tungkol sa inyong kapatid (sa pananampalataya) ng bagay na kasusuklaman niya.' 'Ano po naman ang tingin ninyo kung ang kapatid (sa pananampalataya)**



**kong iyon ay tulad nga ng aking sinasabi?,' tanong ng isa sa kanila. 'Kung siya nga ay tulad ng sinasabi mo, nilibak mo na siya. At kung hindi siya tulad ng sinasabi mo, nanirang puri ka sa kanya.'**

Ang sabi ni A'ishah (RA): **Nagsabi ako sa Propeta (SAS) na, 'Sapat nang malaman mo na si Safeeyah ay ganito at ganoon (Ang ibig niyang sabihin ay pandak si Safeeyah.).' 'Ang sinabi mo ay isang katagang kung ihahalo sa tubig ng dagat ay magiging marumi ang dagat,' sabi niya (SAS).**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Propeta (SAS) na: **Ang pag-aari ng isang Muslim ay ipinagbabawal na lapastanganin ng kapwa niya Muslim -- ang kanyang buhay, ang kanyang karangalan, at ang kanyang ari-arian.**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Propeta (SAS) na : **Ang sinumang naniniwala kay Allah at sa kabilang buhay ay magsalita ng mabuti o manahimik na lamang.**

Ayon kay Abu Darda' (RA), sinabi ng Propeta (SAS) na: **Ang nangangalaga sa karangalan ng kanyang kapatid, sa araw ng paghuhukom ay ilalayo ni Allah ang apoy sa kanyang mukha.**

## Ang mga Aral

1. Ang panlilibak ay ipinagbabawal yamang ito ay isa sa mga malalaking kasalanan at matindi ang nakalaang parusa sa manlilibak."

2. Ang pagsasalita ng tungkol sa isang tao ng bagay na kasusuklaman niya ay itinuturing na isang panlilibak kahit iyon ay totoo pa.

3. Kailangang pagsabihan at pigilan ang nanlilibak sa kanyang panlilibak. Ang pakikinig sa libak ay ipinagbabawal. At ang nangangalaga sa karangalan ng kapwa Muslim ay ilalayo ni Allah sa apoy ng impiyerno.

4. Ang panlilibak ay maaaring salita o pahiwatig na kinasusuklaman ng isang tao.

## 18. Ang Katapatan sa Pananalita at ang Kasinungalingan

Ang sabi ni Allah:

***Ang mga hindi lamang sumasampalataya sa mga kapahayagan ni Allah ang gumagawa-gawa ng kasinungalingan at ang mga iyon ang mga sinungaling.*** (16:105)

***O mga sumasampalataya, matakot kayo kay Allah at maging kabilang sa mga tapat sa salita.*** (9:119)



***At kung naging tapat lamang sila kay Allah, ito sana ay mabuti para sa kanila.*** (47:21)

Ayon kay Hasan bin Ali (RA), sinabi ng Propeta (SAS) na: **Iwan mo ang nakapag-aalinlangan sa iyo at kunin mo ang hindi nakapag-aalinlangan sa iyo, sapagkat ang katapatan sa salita ay kapanatagan at ang kasinungalingan ay pag-aalinlangan.**

Ayon kay Abdullah bin Mas'ood (RA), sinabi ng Propeta (SAS) na: **Tunay na ang katapatan ay nagiging daan sa kabutihan at ang kabutihan ay nagiging daan sa paraiso. Ang isang tao ay magpapatuloy sa pagsabi ng totoo at magsisikap na maging tapat hanggang sa siya ay maituring sa paningin ni Allah na isang tapat sa salita. Tunay na ang pagsisinungaling ay nagiging daan sa kabuktutan at ang kabuktutan ay nagiging daan sa impiyerno. Ang isang tao ay magpapatuloy sa pagsisinungaling at magsisikap na magsinungaling hanggang sa siya ay maituring sa paningin ni Allah na isang ubod ng sinungaling.**

Ayon kay Abdullah bin Umar (RA), sinabi ng Propeta (SAS) na: **May apat na katangiang kapag tinaglay ng isang tao, siya ay maging isang ganap na mapagkunwari (ipokrito). At kung sinuman ang nagtataglay ng isa sa apat na katangiang ito, siya ay nagtataglay ng isang katangian ng**

**kaipokrituhan hanggang hindi niya iniiwan ang katangiang ito. (Ang mga ito ang mga sumusunod):**

**1. Kapag siya ay pinagkakatiwalaan, sinisira niya ang pagtitiwala;**

**2. Kapag siya ay nagsasalita, siya ay nagsisinungaling;**

**3. Kapag siya ay nangangako, hindi siya tumutupad;**

**4. Kapag siya ay nakikipagtalo, nagiging marahas siya sa pagsasalita.**

## Ang mga Aral

1. Binabalaan ang sinuman laban sa pagsisinungaling sapagkat ito ay isa sa mga katangian ng mga ipokrito at matindi ang nakalaang parusa sa nagkakalat ng kasinungalingan sa mga tao.

2. Ang pagsisinungaling ay nauuwi sa kasamaan at ito ay isa rin sa mga dahilan ng pagpasok sa impiyerno.

3. Tinalakay rin dito ang kagalingan ng katapatan sa salita kaya hinihimok ang bawat isa na maging matapat sa lahat ng bagay.

4. Ang pagsisinungaling ay isa sa mga tanda ng kaipokrituhan.



## 19. Ang Pagbabalik-loob kay Allah

Ang sabi ni Allah:

***Magbalik-loob kayong lahat, o mga sumasampalataya, nang sa gayo'y magtagumpay kayo.*** (24:31)

***O mga sumsampalataya, magbalik-loob kay Allah nang may tapat na pagsisi.*** (66:8)

Ayon kay Al-Agharr bin Yasar Al-Muzani (RA), sinabi ng Sugo (SAS) na: **O mga tao magbalik-loob kayo kay Allah at humingi kayo ng patawad sa kanya sapagkat ako nga ay nagbabalik-loob sa kanya isang daang beses isang araw.**

Ayon kay Anas (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Si Allah ay higit pang masaya sa pagbabalik-loob sa Kanya ng Kanyang lingkod kaysa sinuman sa inyong natagpuan ang kanyang kamelyo (na may dala ng kanyang pagkain at inumin) matapos itong mawala sa walang kabuhay-buhay na disyerto.**

Ayon kay Anas (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na : **Ang lahat ng mga anak ni Adam ay may pagkakamali at ang pinakamainam sa mga nagkakamali ay ang mga nagbabalik-loob.**

Ayon kay Abdullah bin Umar bin Al-Khattab (RA), sinabi ng Propeta (SAS) na: **Tunay na si Allah, ang makapangyarihan at maluwalhati, ay tumatanggap ng pagsisi ng Kanyang lingkod hangga't hindi pa ito naghihingalo.**

Ayon kay Abu Moosa Al-Ash'aree (RA), sinabi ng Propeta (SAS) na: **Iniaabot ni Allah ang Kanyang kamay sa gabi upang makapagsisi ang nakagawa ng masama sa araw at iniaabot Niya ang Kanyang kamay sa araw upang makapagsisi ang nakagawa ng masama sa gabi. Ginagawa Niya ito hangga't hindi pa sumisikat ang araw sa kanluran (na siyang tanda ng wakas ng mundo).**

## Ang mga Aral

1. Kailangang magbalik-loob kay Allah sa lahat ng oras maging ano pa man ang kasalanan at maging gaano man ito kalaki. Ang pagbabalik-loob ay isa sa mga dahilan ng ikatatagumpay at ikaliligtas ng isang tao.
2. Ang pagbabalik-loob kay Allah ay lubhang napakahalaga. Ang habag at kabutihan ni Allah ay napakalawak anupa't Siya ay nagagalak sa pagbabalik-loob ng isang tao sa Kanya.
3. Ang pagkakamali ay isa sa mga kalikasan ng tao. Magkagayon pa man, kailangan pa rin. niyang



pagsisihan at hingan ng kapatawaran ang kanyang mga kasalanan.

## Ang mga Kondisyon sa Pagbabalik-loob

A. Na kailangang ang pagbabalik-loob ay bago maghingalo ang isang tao.

B. Na ito ay kailangang bago sumikat ang araw sa kanluran dahil kapag nagkagayon wala nang saysay ang pagbabalik-loob.

C. Na ang sinumang magsisi ng tapat sa kasalanan at saka magbalik sa dating kasalanan, ang una niyang pagsisi ay tanggap pa rin subalit kailangan niya ang panibagong pagsisi para sa binalikang kasalanan.

D. Na kailangang talikuran ang kasalanan, pagsisihan ang mga nagawang pagsuway kay Allah, at maging desididong hindi na magbabalik sa kasalanan.

## 20. Ang Pagbati

Ang sabi ni Allah:

***O mga sumasampalataya, huwag kayong pumasok sa mga bahay na hindi ninyo bahay hanggang hindi kayo humihingi ng pahintulot at bumabati sa nakatira roon.*** (24:27)

Ayon Kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Hindi kayo makapapasok sa paraiso hanggang hindi kayo nananampalataya at**

**hindi kayo nananampalataya hanggang hindi kayo nagmamahalan. Hindi ba't nais ninyong patnubayan ko kayo sa isang bagay na kapag inyong ginawa ay mamahalin ninyo ang isa't isa? Ipalaganap ninyo ang pagbati (ng As-Salamu Alaykum) sa bawat isa sa inyo.**

Ayon kay Abdullah bin Salam (RA), narinig niya ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsabing: **O mga tao, Magbatian kayo (ng As-Salamu alaykum), magpakain kayo (sa inyong kapwa), patatagin ninyo ang ugnayang pampamilya, at magdasal kayo sa gabi habang ang mga tao ay natutulog at kayo ay papasok sa paraiso nang mapayapa.**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Kapag may isa sa inyong dumating sa pagtitipon, batiin niya (ng As-salamu Alaykum) ang mga naroroon. At kung ibig niyang umupo ay umupo siya at kung nais niyang tumayo upang lumisan ay bumati uli siya sapagkat ang unang pagbati ay hindi naman higit na mahalaga kaysa huling pagbati.**

## Ang mga Aral

1. Ang Pagbati ay mahalaga sapagkat ito ay isang dahilan ng pagmamahalan na siya namang dahilan ng pagpasok sa paraiso.



2. Mabuting batiin (ng As-Salamu alaykum) ang kapwa Muslim, kilala man siya o hindi sapagkat ang pagbati ay hindi lamang para sa kakilala.

3. Ang paraan ng pagbati ayon sa Propeta (SAS) ay "As-Salamu alaykum" (Ang kapayapaan ay sumainyo). Kung dadagdagan man ang pagbating ito ng "Wa rahmatullah" (At ang habag ni Allah) ay lalong mainam. At kung ang idadagdag naman ay "Wa rahmatullahi wa barakatuh" (At ang habag ni Allah at ang kanyang biyaya) ay siyang pinakamainam. Ang pagbati ay kailangang gantihan ng katulad ng ibinati ngunit mas lalong mabuti kung dadagdagan pa ng karagdagang mga salita ang pagbati.

4. Huwag batiin ng "Assalamu Alaykum" ang mga di-mananampalataya ngunit kapag sila ang naunang bumati sa atin, ang ating itutugon ay "Wa Alaykum" (At Sumainyo rin).

5. Kung sa isang pagtitipon ay magkahalo ang mga Muslim at di-Muslim, maaari rin silang batiin, ngunit ang nilalayon ng pagbating iyon ay dapat ang mga Muslim.

6. Itinatagubiling magbatian ang mga Muslim kapag naghihiwalay at muling nagkita, kahit sabihin pang nagkahiwalay lamang sila sa loob ng maikling sandali.

7. Ipinagbabawal ang pagpasok sa mga pamamahay ng iba nang walang paalam sa mga nakatira rito.

## 21. Ang Kagandahang Asal sa Harap ng Pagkain

Ayon kay A'ishah (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Kapag kakain, sabihin ang 'Bismillah' (Sa Ngalan ni Allah). Subalit kung nakalimutan at naalaala lamang sa bandang huli, sabihin ang 'Bismillahi fee awwalihi wa akhirih' (Sa ngalan ni Allah, sa simula at sa wakas).**

Ayon kay Umar bin Abu Salamah (RA), sinabi sa akin ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Sabihin mo ang 'Bismillah' (bago kumain), kumain ka sa pamamagitan ng iyong kanang kamay, at kanin mo ang (pagkaing) malapit sa iyo.**

Ayon kay Abdullah bin Umar (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Wala sa inyong kakain ni iinom sa pamamagitan ng kaliwang kamay sapagkat ang Demonyo ay kumakain at umiinom sa pamamagitan ng kanyang kaliwang kamay.**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA): **Walang pinintasang pagkain ang Sugo ni Allah (SAS). Kung maiibigan niya ang pagkain ay kakainin niya at kung hindi niya maibigan ay iiwan niya ito.**



### Ang mga Aral

1. Itinatagubilin ang pagsabi ng "Bismillah" kapag kakain at kung makalimutan mang sabihin ito at naalaala lamang habang kumakain na, sabihin ang "Bismillahi fee awwalihi wa akhirih."

2. Ipinagbabawal ang pagkain sa pamamagitan ng kaliwang kamay sapagkat ito ay katulad ng ginagawa ng Demonyo. Ipinahihintulot lamang ang pagkain sa pamamagitan ng kaliwang kamay kung may makatuwirang dahilan.

3. Bilang pagsunod sa Propeta (SAS), hindi dapat pintasan ang pagkain, sa halip, kung gusto ay kainin at kung ayaw ay huwag kainin. Gayon pa man, ipinahihintulot ang pagbanggit ng kapintasan ng pagkain kung ang layunin ay ang pagbibigay-alam.

## 22. Ang Paggamit ng Palikuran

Ayon kay Anas (RA): **Kapag nais ng Sugo ni Allah (SAS) na pumasok sa palikuran ay nagsasabi muna siya ng 'Allahumma innee a'oodhu bika minal khubthi wal khaba-ith' (O Allah, ako po ay nagpapakupkop sa iyo laban sa masama at mga demonyo).**

Ayon kay A'ishah (RA): **Kapag ang Sugo ni Allah (SAS) ay nakalabas na sa palikuran, ang**

**sinasabi niya ay 'Ghufranak' (Hinihingi ko po ang Iyong kapatawaran).**

Ayon Kay Jabir bin Abdullah (RA): **Ipinagbawal ng Sugo ni Allah (SAS) na umihi sa tubig na hindi umaagos.**

## Ang mga Aral

1. Bago pumasok ang isang Muslim sa palikuran, mainam na sabihin niya ang "Allahumma innee a'oodhu bika minal khubthi wal khaba-ith" at kapag nakalabas na siya ay sabihin niya ang "Ghufranak."

2. Kapag dudumi o iihi sa labas (kapag walang palikuran) kailangang hindi makita ng ibang tao ang "Awrah" ( Para sa mga lalaki, ang bahagi ng katawan sa pagitan ng pusod at tuhod) at kailangang lumayo at magtago sa mga tao. Kailangang huwag ding humarap o tumalikod sa "Qiblah" (ang dakong kinaroroonan ng Ka'bah) kapag iihi o dudumi.

3. Kailangang sikaping hindi mabahiran ng ihi o dumi ang kasuutan at kailangang maglinis nang maigi pagkatapos umihi o dumumi, sa pamamagitan ng tubig hanggang maaari.

4. Inilahad dito ang pagiging kumpleto ng pananampalatayang Islam na sinasaklawan at nililinaw ang lahat ng mga bagay pati na ang kagandahang asal sa paggamit ng palikuran.



## 23. Ang Pagbahin at ang Paghikab

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Propeta (SAS) na: **Gusto ni Allah ang pagbahin at ayaw Niya ang paghihikab. Kaya kapag bumahin ang isa sa inyo at nagsabi ng "Alhamdu lillah" (Purihin si Allah), tungkulin ng bawat Muslim na nakarinig sa kanya na sabihin ang "Yarhamukallah" (Kahabagan ka ni Allah). Ang paghihikab naman ay galing sa Demonyo. Kaya kapag naghikab ang isa sa inyo, kailangang pigilin niya iyon. sa abot ng kayang makakaya. Sapagkat kung naghihikab ang sinuman sa inyo, pinagtatawanan siya ng demonyo.**

Ayon pa rin kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Kapag bumahin ang sinuman sa inyo, sabihin niya ang "Alhamdu lillah" at ang kapatid naman niya (sa pananampalatya) o kasama ay kailangang magsabi ng "Yarhamukallah." Pagkatapos naman nitong magsabi ng "Yarhamukallah" ay sabihin naman ng bumahin ang "Yahdeekumullah wa yuslihu balakum" (Patnubayan kayo ni Allah at nawa'y gawin Niyang mabuti ang inyong kalagayan).**

Ayon kay Abu Moosa (RA): **Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsabing: "Kapag bumahin ang sinuman sa inyo at nagsabi ng "Alhamdu lillah", magsabi kayo ng "Yarhamukallah" sa kanya. At**

**kung hindi siya nagsabi ng "Alhamdu lillah" (pagkatapos bumahin), huwag din kayong magsabi ng "Yarhamukallah."**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA): **Kapag bumabahin ang Propeta (SAS), tinatakpan niya ng kanyang kamay o kanyang damit ang kanyang mukha at hinihinaan niya ang tunog (ng bahin).**

## Ang mga Aral

1. Kapag nakarinig ng bahin ang sinuman, magsabi siya ng "Yarhamukallah" sa bumahin kung ito ay nagsabi ng "Alhamdu lillah" matapos bumahin.
2. Kapag hindi siya nagsabi ng "Alhamdu lillah, huwag din siyang sabihan ng "Yarhamukallah."
3. Makabubuting pigilan o itago ang paghihikab.
4. Makabubuting takpan ng kamay ang bibig kapag maghihikab.
5. Makabubuting takpan ang mukha ng damit o kamay o panyo kapag naghihikab.
6. Masagwang lakasan ang tunog kapag bumabahin o naghihikab.

## 24. Ang Pag-aalaga ng Aso

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Ang sinumang nag-aalaga ng aso, maliban sa asong ginagamit sa pagbabantay ng**



**mga alagang hayop o sa pangangaso o sa pagbabantay ng pataniman, ay nababawasan araw-araw ang kanyang gantimpala ng kasing laki ng qeerat.** (Ang qeerat ay kasinglaki ng bundok. Kaya ang nag-aalaga ng aso ay nawawalan ng gabundok na gantimpala araw-araw.)

Ayon muli kay abu Hurayrah (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Kapag dinilaan ng aso ang lalagyan (ng inumin at pagkain) ng sinuman sa inyo, hugasan ninyo ito nang pitong ulit at pagkatapos at kuskusin ng lupa bilang ikawalong (paglilinis dito).**

## Ang mga Aral

1. Ang pag-aalaga ng aso ay ipinagbabawal kung hindi rin lamang gagamitin sa pangangaso o pagbabantay ng mga alagang hayop o ng pataniman.
2. Ang mga aso ay dapat layuan at iwasan ang pag-aalaga ng mga ito.
3. Ang dinilaan ng aso ay lubhang marumi anupa't kung ang dinilaan ay lalagyan ng pagkain o inumin, kailangan itong hugasan nang pitong ulit at pagkatapos ay kuskusin ng lupa.*

---

*Maaaring gumamit ng sabon sa paghuhugas ng nadilaan ng aso ngunit ang pinakamainam ay kuskusin ng lupa sapagkat natuklasang may mikrobyong galing sa aso na hindi napapatay ng sabon ngunit napapatay ng lupa.

## 25. Ang Pag-aalaala kay Allah

Ang sabi ni Allah:

***At alalahanin ninyo si Allah nang madalas nang sa gayo'y magtagumpay kayo.*** (62:10)

***O mga sumasampalataya, alalahanin ninyo si Allah nang madalas ng madalas na pag-aalaala at luwalhatiin ninyo Siya sa umaga't gabi.*** (33:41)

Ayon kay Abu Moosa Al-Ash'aree (RA), sinabi ng Propeta (SAS) na: **Ang kahalintulad ng umaalaala sa kanyang Panginoon at ng hindi umaalaala sa kanyang Panginoon ay katulad ng buhay at patay.**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **May dalawang salitang magaan sa dila, mabigat sa timbangan (ng mga gawa), pinakamamahal ng Pinakamahabagin (Allah): Ang "Subhanallah wa bihamdih" at ang "Subhanallahil adheem" (Luwalhatiin si Allah at purihin Siya at Luwalhatiin si Allah na dakila).**

Ayon muli kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Ang ako'y magsabi ng "Subhanallah wal hamdu lillah" (Luwalhatiin si Allah at purihin si Allah) at "La ilaha illallah wal lahu akbar" (Walang tunay na Diyos kundi si**



**Allah, si Allah ay dakila) ay mas ibig ko pa kaysa lahat ng bagay na sinisikatan ng araw.**

Ayon kay Jabir (RA): **Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsabing: "Ang pinakamainam na salita sa pag-alaala (kay Allah) ay: "La ilaha illallah" (Walang tunay na Diyos kundi si Allah).**

## Ilang Maikling mga Dhikr *

**Sabihin ang mga sumusunod:**

1. Bago matulog: **"Bismikallahumma amootu wa ahya"** (Sa ngalan Mo, o Allah, ako'y nabubuhay at namamatay.)

2. Pagkagising: **"Alhamdu lillahil ladhee ahyana ba'da ma amatana wa ilayhin nishoor"** (Purihin si Allah na nagbigay sa atin ng buhay matapos niya itong bawiin sa atin at sa kanya rin tayo magbabalik). [Ang pagtulog ay katulad ng kamatayan.]

3. Kapag sasakay sa hayop (o sasakyan): **"Bismillahil hamdu lillah, subhanal ladhee sakhkhara lana hadha wa ma kunna lahu muqrineen, wa inna ila rabbina lamunqaliboon"** (Sa ngalan ni Allah. Purihin si

---

*Panalangin o mga katagang ginagamit sa pag-aalaala kay Allah

Allah. Luwalhatiin Siya na ginawa (ang hayop o sasakyang) ito para sa ating kapakinabangan at kung tayo laman ay hindi natin iyon magagawa. At tunay na tayo ay magsisibalikan sa ating Panginoon).

4. Kapag titigil sa isang lugar sa loob ng maikling o mahabang panahon: **"A'oodhu bikalimaatillahit tammaati min sharri ma khalaq"** (Ako ay nagpapakupkop sa mga ganap na salita ni Allah laban sa masama sa kanyang mga nilalang).

5. Bago magsagawa ng wudu: **"Bismillah"** (Sa ngalan ni Allah).

6. Pagkatapos magsagawa ng wudu: **"Ash hadu alla ilaha illa Allah, wahdahu la shareeka lah, wa ash hadu anna Muhammadan abduhu wa rasooluh"** (Ako ay sumasaksi na walang tunay na Diyos kundi si Allah, siya lamang wala siyang katambal. At ako ay sumasaksi rin na si Muhammad ay Kanyang lingkod at Kanyang Sugo).

7. Paglabas sa bahay: **"Bismillahi, tawakkaltu alal lahi wa la hawla wa la qoowata illa billah"** (Sa ngalan ni Allah, nananalig ako kay Allah at walang lakas at walang kapangyarihan kundi sa pamamagitan ni Allah).

8. Pagpasok sa bahay: **"Bismillahi walajna, wa bismillahi kharajna, wa ala rabbina tawakkalna"** (Sa ngalan ni Allah, tayo ay pumasok. Sa ngalan ni Allah, tayo ay lumabas. At sa ating Panginoon tayo ay nananalig).



9. Ang panalangin para sa Propeta (SAS): **"Allahumma salli ala Muhammadin wa ala ali Muhammad, kama sallayta ala Ibraheema wa ala ali Ibraheem, innaka hameedum majeed, Allahumma barik ala Muhammadin wa ala ali Muhammad, kama barakta ala ibraheema wa ala ali Ibraheema. Innaka hameedum majeed"** (O Allah, pagpalain mo po si Muhammad at ang kanyang mag-anak tulad ng pagpala mo kay Ibrahim at sa kanyang mag-anak, tunay po na Ikaw ay kapuri-puri at maluwalhati. Biyayaan Mo po si Muhammad at ang kanyang mag-anak tulad ng pagbiyaya Mo kay Ibrahim at sa kanyang mag-anak, tunay po na Ikaw ay kapuri-puri at maluwalhati).

10. Panalangin sa umaga: **"Allahumma bika asbahna, wa bika amsayna, wa bika nahya, wa bika namoot, wa ilaykan nushoor"** (O Allah, sa pamamagitan Mo ay inabot namin ang umaga at sa pamamagitan Mo ay maaabutan din namin ang gabi, at sa pamamagitan Mo ay nabubuhay kami at sa pamamagitan Mo ay mamamatay kami, at sa iyo kami magbabalik).

11. Panalangin sa gabi: **"Allahumma bika amsayna, wa bika asbahna, wa bika nahya, wa bika namoot, wa ilaykan nushoor"** (O Allah, sa

pamamagitan Mo ay inabot namin ang gabi at sa pamamagitan Mo ay maaabutan din namin ang umaga, at sa pamamagitan Mo ay nabubuhay kami at sa pamamagitan mo ay mamamatay kami, at sa iyo kami magbabalik).

## 26. Ang Kaibigan

Ang sabi ni Allah;

*Ang mga magkakaibigan, sa araw na iyon, ay magiging mga magkakaaway maliban sa mga may-takot kay Allah.* (43:67)

*At sa araw na kakagatin ng mapang-api ang kanyang kamay (dahil sa pagsisi) ay sasabihin niya: "Oh, kung sana'y tinahak kong kasama ng Sugo ang landas (ng katotohanan). Ah! Kapighatian sa akin! Sana'y hindi ko ginawang kaibigan si kuwan. Tunay na inalayo niya ako sa paalaala (Qur'an) matapos na ito'y dumating sa akin."*. . . (25:27-29)

*At babalingan nila ang isa't isa sa kanila at magtatanungan. May isa sa kanilang magsasabing: "Tunay na ako ay may kasamahan (sa daigdig) na nagsasabing: "Kabilang ka ba sa mga naniniwala (sa pagkabuhay na muli)? Na kapag tayo ay namatay at naging alabok at mga buto, tayo ba ay (bubuhaying muli) upang gantimpalaan o parusahan (ayon sa ating gawa)?" Ang sabi niya: "Titingin ba*



*kayo sa ibaba?" Kaya tumingin siya at nakita niya (ang kanyang kasama sa daigdig) na nasa gitna ng apoy. Ang sabi niya: "Isinusumpa ko kay Allah, kamuntik mo na akong masira. At kung hindi dahil sa pagpapala ng aking Panginoon, kabilang na sana ako sa mga dinala (sa impiyerno).* (37:50-57)

Ang sabi ng Sugo (SAS): **Ang isang tao ay tumatahak sa landas ng kanyang kaibigan; kaya tingnan ng bawat isa sa inyo ang kanyang kinakaibigan.**

Ang sabi ng Sugo (SAS): **May pitong uri ng tao ang pasisilungin ni Allah sa kanyang lilim sa araw na walang lilim kundi ang Kanyang lilim lamang: . . . ang dalawang taong nagmamahalan alang-alang kay Allah; nagkikita alang-alang sa Kanya at naghihiwalay alang-alang sa Kanya . . .**

## Ang mga Aral

1. Hindi maiiwasang magkaroon ng kaibigan ang isang tao; kaya dapat na maging masigasig na magkaroon ng mabuting kaibigan na papatnubay at tutulong sa kabutihan.

2. Ang kaibigan ay maaaring maging isang matinding kaaway kong siya ang nagtutulak sa pagsuway at di-pagsampalataya kay Allah.

3. Mag-ingat sa pakikipagkaibigan sa mga di-mananampalatya sapagkat maaari silang makasagabal sa isang Muslim sa paggawa ng mabuti at pagsunod kay Allah.

## 27. Ang Pagtitiis

Ang sabi ni Allah:

***O mga sumasampalataya, magtiis kayo at higitan ninyo sa pagtitiis (ang inyong mga kaaway) . . .*** (3:200)

***At tiyak na susubukin Namin kayo ng pagsubok na tulad ng pangamba at gutom, pagkawala ng mga ari-arian, mga buhay (ng minamahal), at mga bunga (ng mga pananim); kaya iparating mo ang magandang balita sa mga matiisin.*** (2:155)

Ayon kay Suhayb bin Sinan (RA), sinabi ng Sugo ni Allah na: **Nakatutuwa ang kalagayan ng mananampalataya. Ang lahat ng nangyayari ay mabuti para sa kanya. Ang katangiang ito ay hindi tinataglay ng sinuman maliban sa mananampalataya. Kung datnan siya ng kalugod-lugod na bagay, siya ay nagpapasalamat (kay Allah) at iyon ay mabuti para sa kanya; at kung datnan siya ng kasawiang-palad, siya ay nagtitiis at iyan ay mabuti para sa kanya.**

Ayon kay Anas (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS): **Si Allah, ang makapangyarihan at maluwalhati, ay nagsabing: "Kapag sinubok ko ang Aking lingkod sa pamamagitan ng pagbulag sa kanyang dalawang mata at siya naman ay nagtiis, ang ipapalit ko sa mga mata ay Paraiso."**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na : **Ang dumarating sa Muslim na pagod, karamdaman, pagkabagabag, kalungkutan, kapinsalaan, lumbay, pati na ang tinik na nakatinik sa kanya ay ginagamit ni Allah na pang-alis sa kanyang mga pagkakasala.**

Ayon pa rin kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Sugo ni Allah (SAS) na: **Ang pagsubok sa lalaki at babaeng mananampalataya -- sa kanyang sarili, kanyang anak, at pag-aari -- ay hindi titigil hanggang hindi nakakatagpo si Allah na wala na siyang pagkakamali.**

### Ang mga Aral

1. Ang isang Muslim ay hinihimok na magtiis sa lahat ng mga nangyayari at mag-ingat na huwag

maghinanakit sapagkat ito ang dahilan ng pagkawala ng gantimpala sa pagsubok.

2. Ang mga pagkakasala ng isang Muslim ay inaalis ng mga pagsubok na dumarating sa kanya.

3. Ang magtiis upang masunod si Allah at ang magtiis upang maiwasan ang mga pagsuway sa kanya ay ang pinakamainam na uri ng pagtitiis.

4. Dapat na masiyahan ang isang Muslim sa kapalarang ibinahagi sa kanya ni Allah yamang si Allah ay maalam at marunong at Siya ang lalong nakababatid sa ikabubuti ng kanyang lingkod.



## PHILIPPINE'S ISLAMIC CENTERS FOR NEW MUSLIMS

**ISLAMIC DA'WAH COUNCIL OF THE PHILIPPINES**
Suite 418, FUBC Bldg. Escolta, Manila Philippines
P.O.Box # 3669
Tel.: 479-229

**ISLAMIC DA'WAH & GUIDANCE CENTER**
Village Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. : 816-6678 Fax: 632-5089 Ext. 18

**DARUL HIJRA FOUNDATION. INC.**
Suite 203, Ansa Bldg. 4704 Solchuaga St.
Pasong Tamo Cor. Kalayaan Ave.
Back of Maria Lourdes Hospital
Makati Metro Manila, Philippines
P.O.Box # 4106 MCPO
Telefax: 899-2052

**ISLAMIC WORLD COMMITTEE FOUNDATION,INC.**
Suite 307 Sison Mansion
2631 Rockfeller St. Corner Batangas
Makati Metro Manila, Philppines
P.O Box # 2900 MCPO 1269
Telefax : 812-8914 / 8872952 - 8872945

**INTERNATIONAL ISLAMIC RELIEF ORGANIZATION**
Heart Towers, Unit 101 and 201
Valero St. Salcedo Village
Makati metro Manila, Philippines
Tel. : 8131596 Fax: 8191652
By/ Shiekh Hamuod Al-Laahim (President)

**ISLAMIC STUDIES, CALL AND GUIDANCE (ISCAG-PHILIPPINES)**
Brgy. Salitran -, Dasmarinas, Cavite 1441, Philippines
Tel. : 416-3371 - 416-3629
By/ Bro. Ebrahim M. Mata (Director)

**LIPA ISLAMIC ASSOCIATION. INC.**
Brgy # 2-204 Interior Malvar St.
Lipa city 4217, Batangas, Philippines
By / Bro.Musa B. Santos (president)

**ISLAMIC WISDOM WORLDWIDE, INC.**
2 nd Floor Martinez Bldg.
ND Ave. Cotabato City 9600, Philippines
P.O. Box # 589
Tel. : 421-7248
By/ Bro.Haron Alempang (Representative)

**SHARIEF KABUNSUAN COLLEGE**
Bagua - 11 Cotabato City 9600, Philippines
By / Mrs. Kabaybay D. Abubakar (President)

**BALIK ISLAM DA' WAH FOUNDATION**
Super Market, Front of Melborn Hotel, Cotabato City 9600, Philippines
By / Bro. Esmail Timosa (President)

**NEW MUSLIM SOCIETY FOUNDATION, INC.**
Block 1, Biaca Compound Tacurong, Sultan Kudarat, Maguindanao, Philippines

**ASSOCIATION FOR ISLAMIC DEV'T.**
AID - INC.
Banali, Pagadian City, Philippines
P.O.Box # 1502
Tel. : 2141388 / 2142446
By / ShiekhEsmail Calalagan (President)

**ISLAMIC WISDOM WORLDWIDE**
Abaton Building
323 D Gunao St. Corner Globo De Oro St.
Quiapo Metro Manila 1001, Philippines
Tel. : 7341236